**UNANG SUMATIBONG PAGSUSULIT SA FILIPINO III**
**Unang Markahan**

Panuto: Basahin at suriin ang bawat pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Tumutulong ako kay ___ sa paghahanda ng aming agahan.
A. aso B. lapis C. mesa D. Nanay

_____2. Dapat ugaliin ang pagsusuot ng ___ na pantakip sa ilong at bibig bilang proteksiyon.
A. Sombrero B.panyo C. mask D. eyeglasses

_____3. Kailangan ang pagkakaroon ng "social distancing" ng mga ___ lalo na sa panahon ng epidemya.
A. aso B.tao C. bituin D. mesa

_____4. Namigay ng tulong pinansiyal ang ating gobyerno para sa mga mahihirap na ___.
A. aso B.tao C. bituin D. mesa

______5. Walang ibang magtutulungan sa panahong ito kundi ___ lang din.
A. ako B. ikaw C. siya D. tayo

_____6. "_____ ba ay tumutulong din sa mga gawaing bahay lalo na ngayong hindi tayo maaaring lumabas dahil sa Covid-19?", tanong ni Crisha sa kanyang kaibigan gamit ang messenger.
A. Ako B. Ikaw C. Ito D. Nito

_____7. Princess: "Lahat naman __ ay dapat maging matulungin sa isa't isa lalo na sa panahon ngayon."
A. ako B. ikaw C. siya D. tayo

_____8. Sina Mang Ikeng, Mang Kanor, at Tatay Celso ay kasali sa Social Amelioration Program (SAP). Naglalakad ___ papunta sa Barangay Mamatid Covered Court para pumila.
A. kayo B. ikaw C. sila D. tayo

_____9. Ako at ang aking ate ay nais na makatapos ng pagaaral kaya ___ ay nag-aaral na mabuti.
A. Kayo B. kami C. sila D. tayo

_____10. "___ ang ginagamit ko sa pagtawag sa dati kong magaaral upang sila ay matulungan kong makapagpatala sa susunod na pasukan", wika ni Gng. Batolinao habang hawak ang kanyang cellphone.
A. Iyan B. Iyon C. Ito D. Nito

_____11. Nakita ni Ben na hawak ng bunsong kapatid ang kanyang lapis. "Maaari mo bang ibalik sa akin____ hawak mo?", pakiusap ni Ben.
A. Itong B. iyang C. nitong D. niyang

_____12. Nakita mo ba ang takip ____ bolpen na hawak ko?
A. itong B. iyang C. nitong D. niyang

II Panuto: Basahin ang kuwento Sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng wastong sagot.

**Panahon ng Pandemya**

Masayang nanonood ng telebisyon ang mag-anak nang biglang ibinalita na magkakaroon ng ECQ sa kanilang barangay. Napag-alaman na may taong nagpositibo sa COVID-19 sa karatig barangay nila. Agad-agad nagtungo ang mag-ina sa pamilihang bayan upang bumili ng mga pangangailangan nila sa bahay tulad ng bigas, de lata, noodles, tinapay, prutas at iba pa. Makalipas ang isang linggo naubos na ang kanilang pagkain at nawalan nang trabaho ang ama dahil sa "quarantine". Hindi sila makalabas dahil pinagbabawal pa, kaya't napilitan silang manghiram sa kanilang kapitbahay ng

LIVEWORKSHEETS

pangsaing at umasa sa mga ayudang ipinamimigay hanggang sa wala na silang matanggap. Nagpasya ang mag-anak na magtulungan upang makabili sila ng kanilang pangangailangan.Tumanggap ng labahin ang nanay, nagtinda ng sampaguita ang anak na babae at nagkumpuni ng mga sirang kagamitan ang tatay at nagtinda ng pandesal ang kuya tuwing umaga. Nananalig ang mag-anak sa Panginoon na malalampasan nila ang pagsubok na ito, ganun din ang mga Sambayanang Pilipino na nakararanas nang epekto ng pandemya.

________13. Ano ang pamagat ng kuwento?

A. Ang Mag-anak C. Huwag Mawalan ng Pag-asa

B. Panahon ng Pandemya D. Si Nanay at Tatay

________14. Ilan ang tauhan sa kuwento? A. 5 B. 3 C. 2 D. 4

________15. Sino ang nanonood ng tv ng ibinalitang magkakaroon ng ECQ?

A. Si ate at kuya

B. Ang Magkaibigan

C. Mag-anak

D. Ang Kapitbahay

_______16. Saan nagkaroon ng positibong COVID-19?

A. Karatig Barangay B. Pamilihang bayan C. Sa Lungsod D. Wala sa nabanggit

_______17. Paano kumita ang nanay?

A. Tumanggap ng labahin C. Nag-alok ng produkto on line

B. Nagtinda sa palengke D. Pumasok na Kasambahay

_______18. Kanino nananalig ang mag-anak upang malampasan ang pagsubok na ito?

A. Sa tao B. Sa Panginoon sa nanay C. sa Nanay D. sa TataY

**III. Panuto:** Anong magagalang na pananalita ang nararapat mong gamitin? Isulat ang iyong sagot sa patlang. Isulat ang titik ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| A. Paalam po. | E. Ipagpaumanhin. Pasensiya na. |
| B. Magandang umaga po. | F. Mano po. Nandito na po ako. |
| C. Mawalang galang po, makikiraan. | G. Maraming salamat po. |
| D. Walang anuman | H. Magandang gabi po. |

___________19. Binigyan ka ng bagong sapatos ng iyong magulang, ano ang nararapat mong sabihin?

___________20. Kadarating mo lang sa inyong bahay mula sa paaralan, ano ang nararapat mong gawin o sasabihin?

LIVEWORKSHEETS

___________21. Kung aksidenteng naapakan mo ang iyong kaklase..

___________22. Kapag pinasalamatan ka ng kapatid mo dahil ginawa mo ang takdang-aralin niya

___________23. Kung gusto mong dumaan sa gitna ng dalawang taong nag-uusap

___________24. Nasalubong mo ang iyong guro isang umaga sa daan, anong sasabihin mo?

___________25. Bago ka umalis ng bahay, ano ang sasabihin mo sa magulang mo?

IV. Piliin ang wastong pangngalan sa loob ng kahon. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A. sabon | B. bahay | C. aklat | D. paaralan | E. face mask |

_____26. Hindi pa pinapayagan ang "face to face learning" kung kaya't hindi muna papasok ang mga mag-aaral sa_____.

_____27. Kahit bakasyon ay kailangang nagsasanay pa rin na magbasa ng ___ ang mga bata.

_____28. Kailangang magdala ng alcohol kapag aalis ng _____ ngayon.

_____29. Palaging magsuot ng ______kung lalabas ng bahay.

_____30. Ugaliing maghugas ng kamay gamit ang tubig at ______.

LIVEWORKSHEETS